Mensahe Dalawa

## Napapabanal ng Katotohanan upang Lumabas mula sa Ating mga Sarili at tungo sa loob ng Tres-unong Diyos para sa Tunay na Kaisahan

Babasahain ng Kasulatan: Juan 17:14-24

**I. Ang katotohanan ay ang dibinong liwanag na nagniningning sa mga katotohanan ng Bibliya at pinapalabas ang isang makalangit, espirituwal na pangitain ng mga katotohanan tungo sa ating katauhan; sa Bagong Tipan, ang katotohanan ay nagpapahiwatig ng "makalangit na telebisyon":**

A. Lahat ng mga dibinong katotohanan ay nakapaloob sa Salita at inihahatid sa atin sa pamamagitan ng Salita; kapag ang Espiritu ay nagliwanag sa Salita, tayo ay mayroong makalangit na telebisyon; ang liwanang na nagniningning sa mga katotohanan sa Salita at inihahatid ang isang makalangit pangitain ng mga katotohanan tungo sa ating katauhan, at nalalaman natin ang katotohanan—Gawa 26:16, 19; Efe. 1:17-18a.

B. Ang Espiritu ay tinatawag na Espiritu ng katotohanan, ang Espiritu ng realidad (Juan 14:17); ang Espiritu ng realidad ay ang "makalangit na elektrisidad" kung saan ang mga espirituwal na bagay ay pinapalabas tungo sa ating katauhan; ginagabayan Niya tayo "tungo sa lahat ng realidad" (16:13), ginagawa ang lahat ng kung ano ang Anak at tinataglay na maging tunay sa atin (1:14, 17; 14:6).

C. Kapag ang Espiritu ng katotohanan, ang Espiritu ng realidad, ay nagniningning sa mga espirituwal na katotohanan na nakatala at nakapaloob sa Bibliya, ating matatanggap ang katotohanan, realidad; kung babasahin natin ang Salita na walang pagniningning ng Espiritu, maaaring mayroon tayong doktrina o "mga ulat pambalita" ngunit hindi ang katotohanan, ang realidad, o ang pangitain—cf. Job 42:5; Juan 5:39-40; 2 Cor. 3:6.

D. Ang katotohanan ay ang pagniningning ng liwanag, ang kahayagan ng liwanag; sa ibang salita, ang katotohanan ay ang liwanag na naihayag; sapagkat ang liwanag ay ang pinagmumulan ng katotohanan, at ang katotohanan ay ang kinalalabasan ng liwanag, kapag tayo ay lumalakad sa liwanag, tayo ay nagsasagawa ng katotohanan—Juan 1:4-5, 7-9, 12-13; 8:12; 14:6; 1 Juan 1:5-6; 2 Juan 4; 3 Juan 3-4.

E. Ang Panginoon ay ang liwanag, ang katotohanan, at ang Salita; ang Salita, na siya ring ang katotohanan, ay nagbibigay ng liwanag, sapagkat sa Salita ay mayroong liwanag—Juan 8:12; 14:6; 17:17; Aw. 119:105, 130.

F. Sapagkat ang katotohanan ay ang pagniningning ng liwanag—na siyang ang liwanag—ang katotohanan, ang liwanag, at ang buhay ay di-mapaghihiwalay; kapag ang dibinong liwanag ay nagniningning tungo sa loob natin, ito ay nagiging ang katotohanan sa loob natin, at ito ay naglalalin ng buhay sa ating katauhan—Juan 8:12, 32, 40; 12:35-36, 46; 14:6.

**II. Mayroong dalawang pangsyon ang katotohanan:**

A. Ang katotohanan ang nagpapalaya sa atin mula sa pagkaalipin ng kasalanan, pinapalaya tayo sa lahat ng mga negatibong bagay—8:32, 36.

B. Ang katotohanan ang nagpapabanal sa atin sa pamposisyon at pandisposisyon, tinitigmakan tayo ng elemento ng Diyos—17:17; Efe. 5:26.

**III. Ang Tres-unong Diyos sa Kanyang salita ay natanto natin at inilalin tungo sa ating katauhan ay ang katotohanan na nagpapalaya sa atin at nagpapabanal sa atin:**

A. Kapag tayo ay bigo o nalulumbay, nakadarama ng kahungkagan sa loob, maaari tayong magbukas ng ating sarili at dumulog sa Salita; pagkatapos makapagbasa ng ilang sandali, mayroong bumabangon sa loob natin, at natatamasa natin ang presensya ng Panginoon.

B. Sa pammagitan ng pagkuha sa Salita sa ganitong paraan, mayroong bagay ng Panginoon ang naisasagawa sa loob natin; ito ang realidad ng Tres-unong Diyos na buhây, kumikilos, gumagawa, at maghihiwalay sa atin.

C. Bawa't umaga ay mahihipo natin ang buhây ng Salita sa nakasulat na Salita at taglay ang dibinong realidad, ang naprosesong Tres-unong Diyos, bilang ang inaplay na salita, na inilalin sa ating katauhan—Juan 1:1; 10:35; 5:39-40; 6:63; Efe. 5:26; 6:17-18; Aw. 119:15:

1. Ang paglalalin na ito ng elemento ng Diyos sa ating katauhan ang nagpapalaya sa atin mula sa mga negatibong bagay gaya ng init ng ulo, paninibugho, galit, at kapalaluan; pinapalaya tayo nito mula s bawa't uri ng kasinungalingan, at tayo ay mayroong tunay na liberasyon, tunay na kalayaan.
2. Habang tayo ay pinapalaya, tayo rin ay pinababanal, inihihiwalay, ginagawang banal ng Diyos, hindi lamang pamposisyonal bagkus pandisposisyunal din; tayo ay nagiging kaisa ng Diyos sapagkat ang Kanyang mismong esensya ay naisasagawa sa loob natin.

D. Araw araw kailangan nating dumulog sa Salita sa ganitong paraan; kailangan nating dumulog sa Salita bawa't umaga at, kung posible, sa ibang oras din.

E. Kapag ang salita ay naihalo sa buhây na Espiritu sa ating espiritu, tayo ay napapabanal ng esensya ng Diyos.

F. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Salita sa ganitong paraan, ang Diyos ay naidadagdag sa atin araw araw; bilang resulta, tayo ay natitigmakan ng Diyos at nagiging kaisa Niya.

G. Ang ating mahalagang pangangailangan ay ang magtaglay ng buhây na Tres-unong Diyos na nailalin at naisagawa sa loob natin sa pamamagitan ng nakasulat na Salita, ng buhây na Salita, at ang naiaplay na salit ng Diyos.

**IV. Ang pagpapabanal sa pamamagitan ng salita ng katotohanan ay nagreresulta sa kaisahan sa pamamagitan ng pagtutuos sa mga salik ng pagkakabaha-bahagi; ang katotohanan ang nagpapabanal, at ang pagpapabanal ay nagreresulta sa kaisahan—Juan 17:14-24:**

A. Ang Panginoong Hesus, ang Anak, ay ang katotohanan; ang Espiritu ng katotohanan; at ang salita ng Ama ay ang katotohanan—1:14, 17; 14:6, 17; 17:17; 1 Juan 5:6:

1. Ang Ama ay naisakatawan sa Anak, ang Anak ay naisarealidad bilang ang Espiritu ng katotohanan, at ang Espiritu ay kaisa ng Salita—Col. 2:9; Juan 14:17; 16:13; Efe. 6:17-18.
2. Sa tuwing dumudulog tayo sa Salita nang may isang bukas na puso at isnag bukas na espiritu, kaagad nating mahihipo kapwa ang Slita at ang Espiritu bilang ang katotohanan.

B. Ang nagpapabanal na salita, ang nagpapabanal na Espiritu, ang nagpapabanal na buhay, at ang nagpapabanal na Diyos ay pawang isa; samakatuwid, kung tayo ay napapabanal, tayo ay kusang iisa sapagkat lahat ng mga salik ng pagkakabahagi ay maaalis.

C. Sa Juan 17:17-23 ay makikita natin na ang pagpapabanal ay nagreresulta sa tunay na kaisahan sapagkat ang pagpapabanal na ito ang nagpapanatili sa atin sa Tres-unong Diyos; sinasabi ng bersikulo 21, "Upang sila ay maging isa; gaya ng kung paanong Ikaw, Ama, ay nasa Akin at Ako ay nasa Iyo, upang sila rin naman ay mapasa Atin":

1. Upang maging isa, kailangan nating mapasa "Atin," yaon ay, sa Tres-unong Diyos.
2. Ang tanging paraan upang mapasa Tres-unong Diyos ay sa pamamagitan ng nagpapabanal na katotohanan na tumutuos sa lahat ng mga salik ng pagkakabahagi.
3. Sa pamamagitan ng napapanatili sa Tres-unong Diyos, tayo ay iisa, subalit sa tuwing tayo ay nasal abas ng Tres-unong Diyos, tayo ay kaagad na mahahati.
4. Kailangan nating kaugnayin ang Panginoon sa bawat umaga, hipuin ang buhây na Salita, at taglayin ang dibinong realidad na nailalin sa ating katauhan; habang nakakaugnay natin ang Panginoon sa ganitong paraan, ang mga salik ng pagkakabahagi ay madadaig.
5. Kapag ang mga salik ng pagkakabahagi sa atin ay mapapatay sa pamamagitan ng nagpapabanal na katotohanan, tayo ay nadadala tungo sa tunay na kaisahan, sapagkat ang pagpapabanal ang nagpapanatili sa atin sa Tres-unong Diyos.
6. Ang pagpapabanal sa pamamagitan ng salita ng katotohanan ay nagreresulta sa kaisahan ng Katawan ni Kristo, na siyang napalaking kaisahan ng Tres-unong Diyos—b. 21.

**V. Mayroong apat na salik ng pagkakabaha-bahagi:**

A. Ang unang sa mga salik na ito ay pagkamakasanlibutan; hanggat iniibig natin ang sanlibutan sa isang tiyak na aspeto, ang aspeto ng pagkamakasanlibutang iyon ay magiging isang sanhi ng pagkakabaha-bahagi—bb. 14-16, 18; 1 Juan 2:15-17; 5:19.

B. Isa pang sanhi ng pagkakabaha-bahagi ay ambisyon; kapag kinakaugnay natin ang Panginoon sa pamamagitan ng Salita at hinahayaan natin Siya na isalin ang Kanyang sarili sa atin, sa gayon ang katotohanang naialalalin sa ating katauhan ang pumapatay sa ating ambisyon—cf. Isa. 14:13.

C. Ang ikatlong sanhi ng pagkakabaha-bahagi ay ang pagtaaas sa satili; dapat tayong magnais na maging walang sinuman at ang itaas lamang si Krsito bilang ang Kung sino, ang Isa na nagtataglay ng unang pwesto—Col. 1:18; 2 Cor. 4:5; 3 Juan 9-11.

D. Ang ikaapat na salik ng pagkakabaha-bahagi ay mga opinion at mga konsepto; hindi natin dapat panghawakan ang ating opinion bagkus simpleng habulin ang gol ng Panginoon: ang pagbabawi kay Kristo bilang buhay at lahat-lahat para sa pagtatayo ng ekklesia—Mat. 16:21-24; cf. Apoc. 3:14.

**VI. Kapag tayo ay lumabas sa ating mga sarili at tungo sa loob ng Tres-unong Diyos, tayo ay iisa at mapapasakdal sa pagiging isa—Juan 17:11, 17, 21-23:**

A. Sa ating mga sarili ay taglay natin ang apat na salik ng pagkakabaha-bahagi; hindi tayo makakatakas sa apat na bagay na ito kung mananatili tayo sa sarili.

B. Ang mapabanal ay ang lumabas sa ating sarili at tungo sa Tres-unong Diyos at hayaan si Kristo na mamuhay sa atin; sa ganitong paraan tayo ay napapasakdala tungo sa pagigign isa—bb. 21-23.

C. Ang pagpapabanal na ito ay naagaganap sa pamamagitan ng salita, na siyang ang katotohanan, at sa pamamagitan ng Espiritu, na siyang ang Espiritu ng katotohanan:

1. Habang tayo ay dumudulog sa Salita kada umaga, sa panlabas ay hinihipo natin ang Salita, subalit sa panloob ay hinihipo natin ang Espiritu; sa pamamagitan ng salita at ng Espiritu, na pawang realidad, tayo ay napapabanal.
2. Lalo nating hinihipo ang Salita at lalo tayong hinihipo ng Espiritu, lalo tayong lumalabas sa ating sarili; tayo ay lumilipat mula sa isang pinananahanang lugar, ang sarili, tungo sa isa pang pinananahanang lugar, ang Tres-unong Diyos.
3. Araw araw ay kailangan nating gumawa ng ganitong paglipat, sapagkat sa sarili ay naroon ang pagkamakasanlibutan, ambisyon, pagtataas sa sarili, at mga opinyon at konsepto.
4. Kung patuloy nating hihipuin ang Salita at hayaan ang Espiritu na hipuin tayo araw araw, tayo ay mapapabanal; yaon ay, tayo ay lalabas sa ating sarili, ang ating lumang tirahan, at tungo sa sa Tres-unong Diyos, ang ating bagong tirahan.
5. Kapag tayo ay makalabas sa ating sarili, tayo ay napapabanal, nahihiwalay mula sa mga salik ng pagkakabaha-bahagi at nahihiwalay hindi lamang tungo sa Diyos bagkus tungo din sa loob ng Diyos.
6. Upang magkaroon ng tunay na kaisahan, dapat muna tayong lumabas sa ating sarili at tungo sa loob ng Tres-unong Diyos (vv. 17, 21); then we must allow Christ to live in us (v. 23a):
   a. Ang pinasakdal na kaisahang ito ay ang tunay na pagtatayo; ito ang paglago sa buhay—Efe. 4:16.
   b. Ang lumago sa buhay ay nangangahulugan na tayo ay lumalabas sa ating mga sarili at tungo sa loob ng Tres-unong Diyos at hayaan si Kristo na mabuhay sa loob natin; kung tayo ay papasok sa loob ng Tres-unong Diyos at hayaan si Kristo na mabuhay sa loob natin, maaari tayong makiisa sa mga banal sa anumang lokalidad.

D. “Ako ay sa kanila, at Ikaw ay nasa Akin, upang sila ay mapasakdal sa kaisahan”—Juan 17:23:

1. Ang mapasakdal sa kaisahan ay nangangahulugan na maligtas mula sa pagkamakasanlibutan, ambisyon, pagtataas sa sarili, at mga opinyon at mga konsepto.
2. “Ako ay sa kanila”—ito ay nangangahulugan na ang Anak ay namumuhay at kumikilos sa loob natin.
3. “Ikaw ay nasa Akin”—ito ay nangangahulugan na ang Ama ay namumuhay at kumikilos sa Anak.
4. Sa ibang salita, habang ang Anak ay namumuhay at kumikilos sa atin, ang Ama ay namumuhay sa Kanya; sa pamamagitan ng ganitong dalawang panig ng pamumuhay at pagkilos, tayo ay napapasakdal sa kaisahan, at inihahayag natin ang Ama sa kaluwalhatian.

E. Ang ambisyon ay ipinahiwatig sa Juan 17:21; ang pagtataas sa sarili, sa bersikulo 22; at ang mga kosepto at mga opinyon, sa bersikulo 23:

1. Sa Tres-unong Diyos ay walang ambisyon, sa kaluwalhatian ng Ama ay walang pagtataas sa sarili, at sa lugar kung saan si Kristo ay namumuhay at naghahari ay walang mga opinyon.
2. Sa dibino at mistikong kinasasaklawan ng naprosesong Tres-unong Diyos, ang ambisyon ay nilamon, ang pagtataas sa sarili ay naglaho, at ang mga konsepto at mga opinyon ay napatay; dito

ay walang kasaaan ng pagkakabaha-bahagi sa sinistemang sanlibutan ni Satanas (b. 15); sa halip, doon ay may tunay na kaisahan.

F. Ang tunay na kaisahan ay namumuhay sa Ama, hinahayaan si Kristo na mabuhay sa kanila, at namumuhay sa kaluwalhatian ng Ama, ang Kanyang kahayagan—bb. 22, 24:
   1. Kailangan nating lumabas sa ating sarili at tungo sa loob ng Tres-unong Diyos at manatili sa Kanya para sa kahayagan ng Ama, ang Kanyang kaluwalhatian.
   2. Ang totoong pagtatayo, ang kaisahan, ay posible lamang sa loob ng Tres-unong Diyos, at ito ay mamamayani lamang kapag si Kristo ay namumuhay sa atin; pagkatapos ay maihahayag natin ang Ama sa kaluwalhatian at karanasan ng tunay na kaisahan.

*© 2021 Living Stream Ministry*